

新 とちぎ
未 来 創 造
プラン
2026-2030

Bagong Tochigi Mirai Souzou Plano
2026-2030

共に創る 人も地域も輝く“元気なとちぎ”

**Sama-samang Paglikha: Isang “Masiglang Tochigi” Kung Saan Kapwa
Nagniningning ang mga Tao at mga Komunidad**

概 要 版

Bersiyong Buod

栃木県

Tochigi Prefecture

新とちぎ未来創造プラン

Bagong Tochigi Mirai Souzou Plano

Panimula

Tungkulin ng Plano

Ang “Bagong Tochigi Mirai Souzou Plano” ay nagpapakita ng hinaharap na bisyon ng prefecture na layon nating makamit kasama ang mga residente mula sa panggitna hanggang pangmatagalang pananaw, nililinaw ang mga pangunahing direksyon ng pagbuo ng patakaran tungo sa pagsasakatuparan nito, at nagsisilbing batayang gabay para sa pamamahalang prefectural sa pamamagitan ng pagtatakda ng mga layunin para sa susunod na limang taon pati na rin ng mga prayoridad at estratehikong inisyatiba na isasagawa.

Nagsisilbi rin ito bilang isang karaniwang layunin para sa lahat ng kasapi ng rehiyonal na komunidad — kabilang ang mga residente, pamahalaan, mga NPO, mga kumpanya, at mga organisasyon — upang magbahagi ng kamalayan sa mga isyu at mga pagpapahalaga, at sama-samang umusad tungo sa pagsasakatuparan ng hinaharap na bisyon. Bukod dito, ang Planong ito ay itinatakda bilang Prefectural Comprehensive Strategy for Regional Revitalization alinsunod sa Artikulo 9, Talata 1 ng Batas sa Pagpigil sa Pagbaba ng Populasyon at Pagpapasigla ng Lokal na Ekonomiya sa Japan (Batas Blg. 136 ng 2014).

Panahon ng Plano

Saklaw ng Planong ito ang limang taong panahon ng pagpapalano mula sa taon ng pananalapi 2026 (Reiwa 8) bilang unang taon ng pananalapi hanggang sa taon ng pananalapi 2030 (Reiwa 12).

I Mga Uso ng Panahon at mga Hamong Hinaharap ng Tochigi

- 1 Paglala ng pagbaba ng populasyon at pagbaba ng bilang ng kapanganakan kasabay ng pagtanda ng populasyon
- 2 Mga pagbabago sa kapaligirang pang-ekonomiya
- 3 Mga pagbabago sa kapaligirang paninirahan
- 4 Kaakit-akit na katangian ng rehiyon
- 5 Pagbilis ng digitalisasyon
- 6 Pamamahala ng lokal na pamahalaan



▲ Irohazaka at Lake Chuzenji



▲ Demonstration experiment ng isang autonomous driving bus



▲ Emblem ng Prefectural Night Junior High School (Tochigi Manabi no Yume Gakuen)

II Mga Lakas ng Tochigi

- 1 Kanais-nais na mga kondisyon ng lokasyon
- 2 Kahanga-hanga at magkakaibang biyaya ng kalikasan pati na rin kasaysayan at kultura na maipagmamalaki sa buong mundo
- 3 Masiglang mga industriya



▲ Karasuyama Yamaage Festival




▲ Isang lungsod kung saan ang pang-araw-araw na buhay, ekonomiya, at kalikasan ay magkakasuwato

III Pananaw sa Hinaharap ng Populasyon


Ang kabuuang populasyon ng Tochigi Prefecture ay umabot sa pinakamataas na rekord na 2,016,631 noong Heisei 17 (2005), ngunit pagkatapos nito ay nagsimulang bumaba, na may tendensiyang lumawak ang saklaw ng pagbaba. Kung magpapatuloy ang mga uso ng pagbaba ng bilang ng kapanganakan at net out-migration patungo sa mga lugar sa labas ng prefecture, bibilis ang pagbaba ng populasyon, at inaasahang bababa ang populasyon ng prefecture sa humigit-kumulang 1.28 milyon pagsapit ng Reiwa 42 (2060).

Mga uso sa bilang ng mga kapanganakan at pagkamatay sa Tochigi Prefecture




Pinagmulan: Ministri ng Kalusugan, Paggawa at Kapakanang Panlipunan, "Mahahalagang Estadistika"

Pagkakaiba sa pagitan ng out-migration at in-migration sa pagitan ng Tochigi Prefecture at mga pangunahing metropolitan prefectures (2024)



Pinagmulan: Ministri ng Ugnayang Panloob at Komunikasyon, "Ulat sa Panloob na Migrasyon Batay sa Pangunahing Talaan ng mga Residente"

Pagpapabuti ng kabuuang fertility rate




Pag-aalis ng net out-migration



Sa pamamagitan ng unti-unting pagpapabuti ng kabuuang fertility rate at pag-aalis ng net out-migration, lalo na sa mga kabataan, layunin na matiyak ang populasyon na 1.4 milyon o higit pa pagsapit ng Reiwa 42 (2060).

Mga uso sa kabuuang populasyon ng Tochigi Prefecture at inaasahang populasyon sa hinaharap hanggang 2060 (trend case / improvement case)*



*Tinatangay batay sa mga resulta ng Population Census hanggang 2020 (kabilang ang mga dayuhang residente)

Pinagmulan: Ministri ng Ugnayang Panloob at Komunikasyon, "Sensus ng Populasyon" Mga pagtataya ng Tochigi Prefecture General Policy Department (2024)

IV Mga Katangian ng Bawat Rehiyon

Upang mapasigla ang mga rehiyon at mapanatili ang mga serbisyong administratibo sa gitna ng nagpapatuloy na pagbaba ng populasyon, kinakailangang maunawaan ang mga isyu mula sa isang malawakang pananaw na lampas sa mga hangganan ng mga munisipalidad at palakasin ang kooperasyon sa pagitan ng mga munisipalidad pati na rin ang suporta at koordinasyon ng prefecture. Sa Planong ito, ang prefecture ay hinahati sa limang rehiyon, at ang mga prayoridad na isyung malawakang saklaw ay inilalarawan batay sa mga katangian ng bawat rehiyon, kamalayan ng mga munisipalidad, at mga paksang tinalakay sa Reiwa 7 (2025) block-based meetings ng mga mayor at pinuno ng mga bayan/nayon.

V Ang Hinaharap na Bisyong ng Tochigi na Nais Nating Makamit

Upang makalikha ng isang ligtas, maunlad, at masayang Tochigi para sa mga taong nabubuhay ngayon at maipasa ito nang matatag sa mga susunod na henerasyon, mahalagang tumpak na maunawaan ang mga uso ng panahon, magamit ang mga lakas ng prefecture, at maglarawan ng isang matibay na bisyon ng hinaharap kung saan ang bawat residente ay maaaring magkaroon ng pag-asa para sa hinaharap at ipagmalaki ang kanilang bayan, Tochigi.

Sa Planong ito, ang hinaharap na bisyon ng Tochigi na nais nating makamit ay itinatakda bilang

Sama-samang Paglikha:

Isang "Masiglang Tochigi" Kung Saan Kapwa Nagniningning ang mga Tao at mga Komunidad

At kasama ang mga residente ng prefecture, ibubuhos namin ang aming buong pagsisikap tungo sa pagsasakatuparan nito.

VI Pangunahing mga Estratehiya

Upang malampasan ang iba't ibang hamong kinakaharap ng Tochigi Prefecture, tulad ng pagpapatuloy ng pagbaba ng populasyon at pagbaba ng bilang ng kapanganakan kasabay ng pagtanda ng populasyon, at upang maisakatuparan ang “Hinaharap na Bisyon ng Tochigi na Nais Nating Makamit” habang lubos na ginagamit ang mga lakas ng Tochigi, ang mga ito ay itinakda bilang mga estratehiyang bibigyang-prioridad sa susunod na limang taon.

Binubuo ang mga ito ng limang estratehiya na tumutugma sa “Hinaharap na Bisyon ng Tochigi na Nais Nating Makamit,” at isusulong ang mga ito habang magkakaugnay na ipinatutupad. Bukod dito, bawat isa sa limang estratehiya ay nagtatakda ng tatlong proyekto na naglalaman ng mga prayoridad na inisyatiba, at kabuuang 15 proyekto (ang Tochigi 15 (Ichigo) Projects) ang isusulong.

Dahil ang “mga tao” ang puwersang nagtutulak sa lahat ng aktibidad, kabilang ang ekonomiya, pang-araw-araw na buhay, at pagpapaunlad ng komunidad, ang “Estratehiya sa Pagpapaunlad ng Yamang-Tao” ay itinatakda bilang unang haligi. Sa pamamagitan ng kooperasyon, kolaborasyon, at magkatuwang na paglikha kasama ang mga residente, mga munisipalidad, at iba pa, at sa ilalim ng balangkas na All-Tochigi, patuloy naming isusulong ang mga proyektong nakaposisyon sa loob ng limang pangunahing estratehiya habang may kakayahang umangkop na tumutugon sa mga pagbabago sa sosyoekonomikong kalagayan.

VI. Pangunahing mga Estratehiya





Estratehiya sa Pagpapaunlad ng Yamang-Tao

▼ Ang Hinaharap na Bisyon ng Tochigi na Nais Nating Makamit Tungo sa pagsasakatuparan ng “Tochigi” kung saan ang mga lider ng hinaharap ay hinuhubog at kung saan ang kababaihan at kabataan ay maaaring magingning, isusulong ang sumusunod na tatlong proyekto.



1-1 Proyekto sa Pagsasakatuparan ng Child-Centered Tochigi

Mga Layunin

Isusulong namin ang paglikha ng isang kapaligiran na sumusuporta sa mga tao sa pagtupad ng kanilang mga pag-asa para sa pag-aasawa, pagbubuntis, at panganganak, naghihikayat ng masayang pagpapalaki ng anak, at nagbibigay-daan sa mga bata na mapalaki ng buong lipunan, kasama ang mga pamilya, mga pasilidad sa pangangalaga ng bata, at mga paaralan.

Mga Prayoridad na Inisyatiba

- (1) Pagpapahusay ng suporta sa pag-aasawa
- (2) Pagpapahusay ng suporta para sa pagbubuntis, panganganak, at pagpapalaki ng anak
- (3) Mga hakbang laban sa kahirapan ng bata at pagtugon sa pang-aabuso sa bata



▲ PR catchphrase at logo mark para sa isang Tochigi Prefecture na makakalikasan sa mga bata at sa pagpapalaki ng anak

1-2 Proyekto ng Suporta sa Pagpapalakas ng Kababaihan at Kabataan

Mga Layunin

Sa pamamagitan ng pagpapabuti ng kadalian at kasiyahan sa trabaho, pag-aalis ng unconscious bias at agwat sa kasarian, at pagsuporta sa mga gawain ng kabataan, isusulong natin ang paglikha ng isang rehiyong pinipili ng kababaihan at kabataan.

Mga Prayoridad na Inisyatiba

- (1) Pagsusulong ng inobasyon sa trabaho
- (2) Pag-aalis ng unconscious bias at agwat sa kasarian
- (3) Pagsasama ng mga opinyon ng kabataan at suporta sa mga gawaing pangkomunidad



▲ Tochigi Youth Council

1-3 Proyekto sa Pagpapaunlad ng Yamang-Tao upang Buksan ang Hinaharap

Mga Layunin

Sa gitna ng pag-iiba-iba at pagtaas ng pagiging kumplikado ng mga kapaligirang nakapaligid sa mga bata, pahuhusayin natin ang edukasyon na nagbibigay-daan sa mga bata na mailabas ang kanilang mayamang potensyal, mamuhay nang may pakiramdam ng kaligayahan at layunin, at malinang ang kakayahang mailarawan ang hinaharap habang nakikipagtulungan sa iba't ibang tao.

Mga Prayoridad na Inisyatiba

- (1) Pagsusulong ng edukasyong lumilikha ng bagong halaga
- (2) Pagpapahusay ng inklusibong edukasyon na walang iniwanan
- (3) Pagsusulong ng Education DX



▲ Pagkatutong interdisiplinaryo



Estratehiya sa Pagpapaunlad ng Industriya

▼ Ang Hinaharap na Bisyon ng Tochigi na Nais Nating Makamit Tungo sa pagsasakatuparan ng “Tochigi” kung saan ang iba’t ibang industriya ay lumilikha ng mataas na dagdag na halaga at nagtutulak ng kasaganaan, isusulong ang sumusunod na tatlong proyekto.



2-1 Proyekto sa Paglinang at Pagsusulong ng mga Bagong Industriya upang Maitayo ang Hinaharap

Mga Layunin

Sa layuning matamo ang napapanatiling pag-unlad ng mga industriya ng prefecture, pasisiglahin namin ang ekonomiya ng prefecture sa pamamagitan ng paglinang ng mga industriyang susunod na henerasyon na nagbibigay ng mga bagong teknolohiya at serbisyo, higit pang pagsulong ng mga industriyang pagmamanupaktura, suporta para sa maliit at katamtamang laki ng mga negosyo at maliit na operator ng negosyo, pagsulong ng estratehikong pag-akit ng mga korporasyon, at pagpapaunlad at pagpapanatili ng yamang-taong pang-industriya.

Mga Prayoridad na Inisyatiba

- (1) Paglinang at pagsulong ng mga industriyang nagtutulak sa ekonomiya at empleyo
- (2) Suporta sa napapanatiling pag-unlad ng maliit at katamtamang laki ng mga negosyo at maliit na operator ng negosyo
- (3) Pagsusulong ng pag-akit ng mga kumpanya
- (4) Pagpapaunlad at pagpapanatili ng yamang-taong pang-industriya



▲ Pagmamanupaktura ng sasakyan

2-2 Proyekto sa Pagsasakatuparan ng Masigla at Maunlad na Sektor ng Agrikultura at Panggugubat

Mga Layunin

Sa pamamagitan ng mga pagsisikap tulad ng paglikha ng isang kapaligiran kung saan ang iba’t ibang yamang-tao ay maaaring magtipon at aktibong umunlad, pagpapaunlad ng susunod na henerasyong agrikultura at matalinong paggugubat gamit ang mga makabagong teknolohiya, at pagpapabuti ng kakayahang kumita ng mga prodyuser sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga teknolohiyang umaangkop sa pagbabago ng klima, layunin namin ang matatag na napapanatiling pag-unlad sa agrikultura at paggugubat.

Mga Prayoridad na Inisyatiba

- (1) Pagpapaunlad at pagpapanatili ng yamang-taong pang-industriya
- (2) Pagpapaunlad ng susunod na henerasyong agrikultura at paggugubat
- (3) Pagpapahusay ng lakas ng tatak ng mga produktong agrikultural ng prefecture
- (4) Pag-angkop sa pagbabago ng klima



◀ Pinahusay na kahusayan ng gawaing agrikultural sa pamamagitan ng matalinong teknolohiya

Pagsusulong ng matalinong paggugubat sa pamamagitan ng paggamit ng mga makinang pinapatakbo mula sa malayo, at iba pa

2-3 Proyekto sa Estratehiyang Pandaigdig at Prefecture na Nakatuon sa Turismo na Ginagamit ang Kaakit-akit na Katangian ng Tochigi

Mga Layunin

Habang nagsisikap na paunlarin ang mga destinasyong panturista at makaakit ng mga bisita mula sa loob at labas ng bansa sa pamamagitan ng paggamit ng mga lakas tulad ng natatanging pamana ng kasaysayan, mayamang likas na atraksyon, at kalapitan sa metropolitan area ng Tokyo, isusulong din namin ang pagpapaunlad ng mga industriya ng prefecture at pagbabagong-buhay ng rehiyon sa pamamagitan ng pagsuporta sa paglawak sa ibayong-dagat ng mga lokal na kumpanya at pagpapalawak sa mga pamilihang panlabas sa pamamagitan ng paggamit ng apela at kakayahang makipagkumpitensya ng mga produktong pang-prefecture at mga produktong agrikultural.

Mga Prayoridad na Inisyatiba

- (1) Pagsusulong ng napapanatiling pagpapaunlad ng mga destinasyong panturismo
- (2) Pagsusulong ng pag-akit ng mga bisita mula sa loob at labas ng bansa
- (3) Suporta sa pagpapalawak sa ibayong-dagat ng mga lokal na kumpanya
- (4) Pagsusulong ng pagluwas ng mga produktong prefectural at produktong agrikultural



▲ Test marketing sa Hong Kong



Estratehiya sa Kalusugan, Kahabaan ng Buhay at Pakikipamuhay nang Magkakasama

▼ Ang Hinaharap na Bisyon ng Tochigi na Nais Nating Makamit Tungo sa pagsasakatuparan ng “Tochigi” kung saan ang bawat isa at bawat residente ay namumuhay nang may mabuting kalusugan at maaaring magkaroon ng pag-asa, isusulong ang sumusunod na tatlong proyekto.



3-1 Proyekto sa Malusog na Kahabaan ng Buhay at Aktibong Pamumuhay

Mga Layunin

Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng pinagsama-samang mga inisyatiba at suportadong mga kapaligiran na nagbibigay-daan sa lahat ng residente na magpatibay ng malusog na gawi sa pagkain at ehersisyo mula sa murang edad at magsagawa ng mga pamumuhay na angkop sa bawat indibidwal, at sa pamamagitan ng pagsusulong ng pag-iwas sa sakit at maagang pagtuklas, layunin naming pahabain ang malusog na inaasahang haba ng buhay.

Mga Prayoridad na Inisyatiba

- (1) Pagsusulong ng pisikal at mental na kalusugan na nagbibigay-daan sa masiglang pamumuhay
- (2) Pagpapabuti ng kalidad ng mga panlipunang kapaligiran na sumusuporta sa indibidwal na pagtataguyod ng kalusugan
- (3) Pagsusulong ng pag-iwas sa sakit, maagang pagtuklas, at maagang paggamot



▲ Kaganapan sa pagtataguyod ng kalusugan

3-2 Proyekto sa Pagsusulong ng Serbisyong Medikal at Pangangalaga na Sumusuporta sa mga Komunidad

Mga Layunin

Upang matiyak na ang mga residente ay maaaring mamuhay nang may kapanatagan sa mga pamilyar na komunidad sa buong kanilang buhay, isusulong namin ang pagpapaunlad ng mga sistemang pinagsama-samang pangangalaga na nakabatay sa komunidad na iniayon sa mga lokal na pangangailangan at pahuhusayin at palalakasin ang mga sistema ng paghahatid ng serbisyong medikal at pangangalagang pang-nars, na mga pangunahing bahagi ng mga naturang sistema.

Mga Prayoridad na Inisyatiba

- (1) Pagpapalalim at pagsusulong ng community-based integrated care systems
- (2) Pagpapaunlad at pagpapahusay ng mga sistema ng paghahatid ng serbisyong medikal na nagbibigay-daan sa ligtas at panatag na pamumuhay



▲ Helikopterong medikal

3-3 Proyekto sa Pagsasakatuparan ng Lipunang Nagtutulongan at Sama-samang Namumuhay

Mga Layunin

Anuman ang edad, kapansanan, nasyonalidad, o kasarian, isusulong namin ang pagsasakatuparan ng isang lipunan kung saan ang lahat ng tao ay nagtutulongan sa loob ng mga lokal na komunidad, namumuhay nang may kapanatagan, at maaaring maging aktibo sa lahat ng larangan.

Mga Prayoridad na Inisyatiba

- (1) Pagsasakatuparan ng isang inklusibong lipunang nakabatay sa komunidad kung saan ang lahat ay maaaring mamuhay nang may kapanatagan ng loob
- (2) Pagsusulong ng pagpapaunlad ng kapaligiran na nagbibigay-daan sa aktibong pakikilahok ng lahat ng tao, kabilang ang mga nakatatanda, mga taong may kapansanan, at mga dayuhang mamamayan



▲ Sesyon ng impormasyon ng kumpanya para sa yamang-taong dayuhan, at iba pa



Estratehiya sa Kaligtasan at Seguridad

▼ Ang Hinaharap na Bisyon ng Tochigi na Nais Nating Makamit Tungo sa pagsasakatuparan ng “Tochigi” kung saan ang lahat ng residente ay maaaring mamuhay nang ligtas at may katiyakan, isusulong ang sumusunod na tatlong proyekto.



4-1 Proyekto sa Pagpapahusay ng Kakayahan sa Pamamahala ng Krisis at Pagtugon sa Sakuna

Mga Layunin

Upang makapaghandang para sa malalaking likas na sakuna na inasahan sa mga nakaraang taon, pahuhusayin at palalaksin natin ang mga soft measures sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng “sariling pagtulong, pagtutulungan ng kapwa, at pampublikong pagtulong,” itataas ang kamalayan sa pag-iwas sa sakuna ng bawat residente, at bubuo ng mga lokal na komunidad at sistema ng pagtugon sa sakuna na matatag laban sa mga sakuna at iba pang krisis.

Mga Prayoridad na Inisyatiba

- (1) Pagpapahusay ng kamalayan sa pag-iwas sa sakuna at pagsusulong ng sariling pagtulong
- (2) Pagpapahusay at pagpapalakas ng kakayahan ng komunidad sa pag-iwas sa sakuna
- (3) Pagpapahusay at pagpapalakas ng mga sistema upang maprotektahan ang mga residente at komunidad laban sa mga sakuna at iba pang krisis



▲ Mga karanasang nagpapataas ng kamalayan sa pag-iwas sa sakuna gamit ang teknolohiyang VR

4-2 Proyekto sa Pagpapaunlad ng Lupang Prefectural upang Maprotektahan ang Buhay at Kabuhayan

Mga Layunin

Upang maprotektahan hindi lamang ang mga “buhay” at “ari-arian” ng mga residente kundi pati ang kanilang pang-araw-araw na “pamumuhay” at “kabuhayan” mula sa lalong nagiging madalas at malulubhang likas na sakuna, sistematiko naming isusulong ang mga hakbanging pisikal tulad ng pagpapaunlad at pagpapanatili ng imprastrukturang panlipunan, gayundin ang mga hakbanging di-pisikal, habang isinasaalang-alang ang mga pananaw sa preventive maintenance at ang paggamit ng green infrastructure, na naglalayong makabuo ng isang prefecture na matatag sa sakuna at pinakaligtas at pinakapanatag sa Japan.

Mga Prayoridad na Inisyatiba

- (1) Pagsusulong ng pagpapaunlad ng panlipunang imprastruktura na matatag laban sa sakuna at nagpoprotekta sa buhay at kabuhayan ng mga residente
- (2) Pagsusulong ng mga hakbanging upang matugunan ang pagtanda ng panlipunang imprastruktura
- (3) Pagpapaunlad at pagpapanatili ng yamang-tao sa industriya ng konstruksyon



▲ Pagpapahusay ng ilog para sa pag-iwas at pagpapagaan ng sakuna

4-3 Proyekto sa Kaligtasan at Seguridad na Binubuo ng Lahat

Mga Layunin

Sa pamamagitan ng pagpapataas ng kamalayan at paghikayat ng pagkilos sa mga residente upang maprotektahan ang kanilang sarili mula sa mga pamilyar na panganib tulad ng krimen, aksidente sa trapiko, at mga suliraning pangkonsumer, at sa pamamagitan ng pagtataguyod ng kooperasyon at pagtutulungan sa buong mga komunidad, maisasakatuparan namin ang isang lipunan kung saan ang lahat ay maaaring mamuhay nang may kapanatagan at katahimikan.

Mga Prayoridad na Inisyatiba

- (1) Paglikha ng ligtas na mga komunidad sa pamamagitan ng pag-iwas at pagtuklas ng krimen
- (2) Pagpapahusay ng kamalayan sa kaligtasan sa trapiko at pagpapalakas ng mga hakbanging upang maiwasan ang mga aksidente sa trapiko
- (3) Pagtitiyak ng ligtas at panatag na pamumuhay ng mga mamimili



▲ Pagpapaunlad ng mga tulay na pantawid at mga bangketa sa mga rutang papunta sa paaralan



Estratehiya sa Rehiyon at Kapitaligiran

▼ Ang Hinaharap na Bisyong ng Tochigi na Nais Nating Makamit Tungo sa pagsasakatuparan ng “Tochigi” na puno ng mga kaakit-akit na katangiang maipagmamalaki sa hinaharap, isusulong ang sumusunod na tatlong proyekto.



5-1 Proyekto sa Paglikha ng Kaakit-akit na Hometown

Mga Layunin

Sa pamamagitan ng paggamit ng mga yamang panrehiyon tulad ng kultura at isports, pag-akit ng malalaking kaganapan at mga pandaigdigang kumperensya, at iba pang mga hakbang, lilikhain natin ang mga kaugnay na populasyon at isusulong ang pagpapasigla ng rehiyon. Kasabay nito, sa pamamagitan ng pagpapahusay ng kaakit-akit na katangian ng rehiyon at paglinang ng pagmamahal at pagmamalaki sa Tochigi Prefecture, malawak nating ipalalaganap ang kaakit-akit nitong katangian sa loob at labas ng bansa, na may layuning maisakatuparan ang “Tochigi na nais bisitahin, nais tirahan, at nais patuloy na tirahan.”

Mga Prayoridad na Inisyatiba

- (1) Paglikha ng mga kaugnay na populasyon (pagsusulong ng paglipat at permanenteng paninirahan)
- (2) Pagpapaunlad ng komunidad gamit ang mga yamang panrehiyon tulad ng kultura at isports
- (3) Paglinang ng pagmamahal at pagmamalaki sa Tochigi, at pagpapalakas at pagpapalawak ng “mga tagahanga ng Tochigi”



▲ Kaganapan para sa paglipat at paninirahan

5-2 Proyekto sa Pagpapaunlad ng Matalino at Kaaya-ayang “Bayan”

Mga Layunin

Sa pamamagitan ng pagbuo ng mga compact hub na may mga tungkuling nakapokus ayon sa katangian ng bawat rehiyon at sa pamamagitan ng pagtiyak at pagpapahusay ng mga serbisyo ng pampublikong transportasyon, isusulong natin ang pagpapaunlad ng napapanatili, masigla, at kaaya-ayang mga “bayan” kung saan ang lahat ay maaring mamuhay nang kumportable.

Mga Prayoridad na Inisyatiba

- (1) Pagtiyak at pagpapahusay ng mga serbisyo ng pampublikong transportasyon
- (2) Pagsusulong ng pakikipagtulungan sa pagitan ng mga rehiyon
- (3) Pagsusulong ng DX



▲ Pagpapaunlad ng lungsod na puno ng sariling pagkakakilanlan

5-3 Proyekto sa Environmental Prefecture na Nag-uugnay sa Susunod na Henerasyon

Mga Layunin

Sa pamamagitan ng paghikayat sa bawat residente na makibahagi sa mga pagsisikap tulad ng pagsusulong ng carbon neutrality sa pamamagitan ng pagbabawas ng greenhouse gas emissions, pagbuo ng lipunang nakatuon sa pagre-recycle sa pamamagitan ng pagpigil sa paglikha ng basura, at pangangalaga at paggamit ng mayamang likas na kapaligiran, layunin nating gawing isang environmental prefecture ang Tochigi na nagbubukas ng landas tungo sa susunod na henerasyon.

Mga Prayoridad na Inisyatiba

- (1) Pagsusulong ng carbon neutrality*1 (decarbonization) at pag-angkop sa pagbabago ng klima
- (2) Pagsusulong ng paglipat tungo sa isang circular economy*2
- (3) Pagsusulong ng mga inisyatibong nature-positive*3



▲ Pakikipag-ugnayan sa kalikasan

*1 Pagkamit ng balanse sa pagitan ng greenhouse gas emissions at pag-aalis ng mga ito upang maging “net zero” ang emisyon

*2 Isang bagong sistemang pang-ekonomiya na nakakamit ang parehong napapanatiling lipunan at paglago ng ekonomiya sa pamamagitan ng pagpigil sa paggamit ng bagong yaman at dami ng pagtatapon ng basura sa pamamagitan ng paikot na paggamit ng mga nirecycle na materyales na nalilikha mula sa muling pagpoproseso ng basura, at iba pa, sa paggawa ng mga produkto

*3 Paghinto at pagbaligtad ng pagkawala ng biodiversity upang maibalik ang kalikasan sa landas ng pagbangon

VII Tungo sa Pagsusulong ng mga Pangunahing Estratehiya

Upang maisakatuparan ang ninanais na pananaw para sa hinaharap, isusulong namin nang maagap at epektibo ang mga proyektong nakaposisyon sa loob ng mga pangunahing estratehiya. Para rito, aktibo nating isusulong ang paglikha ng mga kapaligirang nagtataguyod ng kooperasyon, kolaborasyon, at ko-paglikha kasama ang iba't ibang stakeholder, ang pagtatatag ng matibay na pundasyong administratibo at pinansyal, at ang pagbuo ng mga patakarang nakabatay sa pambansang “Komprehensibong Estratehiya para sa Pagpapasigla ng mga Rehiyon,” at iba pa.

1 Pagsusulong ng Pamamahalang Prefectural sa pamamagitan ng Kooperasyon, Kolaborasyon, at Ko-paglikha

Batay sa konseptong “pagsuporta sa mga komunidad nang magkakasama at paglikha ng susunod na henerasyon,” isusulong natin ang pamamahalang prefectural na bukas sa mga residente at palalawakin ang kooperasyon, kolaborasyon, at ko-paglikha sa loob ng mga lokal na komunidad upang ang iba't ibang stakeholder ay aktibong makilahok sa pagbuo ng Tochigi at makalikha ng isang masiglang lipunan.

2 Pagsusulong ng Lokal na Awtonomiya ng Tochigi sa pamamagitan ng Kooperasyon at Kolaborasyon sa mga Munisipalidad

Upang makamit ng prefecture ang higit pang pag-unlad tungo sa hinaharap, kailangang gumanap ang mga munisipalidad ng sentral na papel sa kanilang mga komunidad at aktibong bumuo ng mga patakaran sa pamamagitan ng tumpak na pag-unawa sa mga pangangailangan ng mga residente. Sa pangunahing prinsipyo ng pagbibigay-halaga sa mga munisipalidad, lalo pa nating palalakasin ang kooperasyon at kolaborasyon sa ilalim ng angkop na paghahati ng mga tungkulin sa pagitan ng prefecture at mga munisipalidad, habang isinusulong ang mga reporma sa desentralisasyon.

3 Pagtatatag ng Pundasyong Administratibo at Pinansyal

Batay sa Balangkas ng Repormang Administratibo at Pinansyal ng Tochigi Prefecture 2026–2030, at isinasalang-alang ang kalagitnaan ng ika-21 siglo, epektibo nating gagamitin ang limitadong yamang administratibo at pinansyal upang makapagbigay ng mga serbisyong pampamahalaan na may mataas na antas ng kasiyahan ng mga residente. Simula sa mga reporma sa kamalayan ng kawani at kapaligiran sa lugar ng trabaho, haharapin natin ang hamon ng pagtatatag ng isang napapanatiling pundasyong administratibo at pinansyal na kayang tumugon nang may kakayahang umangkop sa mga hindi inaasahang sitwasyon, sa pamamagitan ng epektibo at episyenteng pamamahalang prefectural na gumagamit ng mga teknolohiyang digital.

4 Koordinasyon sa Pambansang “Komprehensibong Estratehiya para sa Pagpapasigla ng mga Rehiyon”

Tungo sa pagsasakatuparan ng ninanais na hinaharap na bisyon ng Tochigi, “Paglikha nang Magkakasama: Isang ‘Masiglang Tochigi’ kung saan parehong nagniningning ang mga tao at komunidad,” ang isyu ng pagbaba ng populasyon, lalo na, ay lalong naging seryoso at isang agarang hamon na nangangailangan ng sama-samang pagkilos ng buong prefecture, habang ginagamit ang mga kinalabasan ng “Konseho sa Hinaharap ng Populasyon ng Tochigi Prefecture.”

Sa ganitong kalagayan, ang pambansang pamahalaan, batay sa mga tagumpay at aral mula sa nakalipas na sampung taon ng pagpapasigla ng mga rehiyon, ay nagsisikap na muling pagsamahin ang mga lakas ng rehiyon at maisakatuparan ang mga rehiyong “matatag,” “maunlad,” at “bago at kasiya-siya.”

Isasama natin sa bawat proyekto ng Planong ito ang iba't ibang hakbang na sumasalamin sa mga pangunahing paninindigan, pananaw, at patakarang inilahad sa pambansang “Batayang Konsepto ng Regional Revitalization 2.0” at sa “Komprehensibong Estratehiya para sa Pagpapasigla ng mga Rehiyon,” tulad ng “tuwirang pagharap sa patuloy na pagbaba ng populasyon at pagpapatupad ng mga hakbang na umaangkop upang mapanatiling gumagana ang lipunan at ekonomiya,” “paglikha ng mga rehiyong pinipili ng kabataan at kababaihan,” at “pagsasakatuparan ng isang ‘kumikitang’ lokal na ekonomiya kahit sa gitna ng patuloy na pagbaba ng populasyon,” at matatag nating isusulong ang mga ito.

Bukod dito, habang isinasaisip ang “Estratehiya sa Hinaharap ng mga Rehiyon,” na isinusulong ng pambansang pamahalaan tungo sa pagsasakatuparan ng isang “matatag na ekonomiya,” isa sa mga haligi ng “Komprehensibong Estratehiya para sa Pagpapasigla ng mga Rehiyon,” isusulong din natin ang mga inisyatiba na naglalayong sa paglago at pag-unlad ng mga lokal na industriya ng prefecture.

Listahan ng mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap

Pangunahing mga Estratehiya		No	Mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap	Kasalukuyang Halaga	Target na Halaga	Batayan para sa Target na Halaga	
Estratehiya sa Pagpapaunlad ng Yamang-Tao	1	Proyekto sa Pagsasakatuparan ng Child-Centered Tochigi	1	Antas ng Pag-aasawa (bawat 1,000 populasyon)	2024 3.6 (ika-17 sa buong bansa)	2030 Pagtaas mula sa kasalukuyang halaga	Dahil ang halaga ay nagpapakita ng kaunting pagbabago, layunin na makamit ang pagtaas mula sa kasalukuyang halaga
			2	Kabuuang Antas ng Kapanganakan	2024 1.15 (ika-35 sa buong bansa)	2030 1.35	Tinatayang 1.47, ang ninanais na fertility rate ng mga residente ng prefecture (FY 2035)
			3	Bilang ng mga pagkamatay dahil sa pang-aabuso sa bata	2024 0 tao	2030 0 tao	Layunin ang zero
	2	Proyekto ng Suporta sa Pagpapalakas ng Kababaihan at Kabataan	4	Kabuuang oras ng trabaho	2024 1,673 oras	2030 1,650 oras	Layunin ang 1.5% na pagbawas
			5	Porsiyento ng mga taong naniniwala na ang katayuan ng kalalakihan at kababaihan ay pantay sa lipunan sa kabuuan	2025 12.1%	2030 Pagtaas mula sa kasalukuyang halaga	Layunin ang pagtaas mula sa kasalukuyang halaga
			6	Netong panlipunang migrasyon ng mga kabataan (edad 20–29) (mga mamamayang Hapones) (Bilang ng mga lumilipat papasok mula sa labas ng prefecture – bilang ng mga lumilipat palabas patungo sa labas ng prefecture)	2024 -2,309 tao	2030 -1,150 tao	Layuning bawasan ng kalahati
	3	Proyekto sa Pagpapaunlad ng Yamang-Tao upang Buksan ang Hinaharap	7	Porsiyento ng mga mag-aaral na positibong sumagot sa tanong: “Sa mga klase, nag-isip ako para sa aking sarili at nagpakita ng inisyatiba sa pagtatrabaho tungo sa paglutas ng mga problema?”	2025 Elementarya 82.2% Junior high 80.9%	2030 Elementarya 85.0% Junior high 85.0%	Layunin ang pagtaas mula sa kasalukuyang halaga
			8	Porsiyento ng mga mag-aaral na lumiliban sa paaralan na hindi nakatanggap ng espesyalisadong konsultasyon o patnubay mula sa mga institusyon sa loob o labas ng paaralan	2024 Elementarya 42.3% Junior high 46.2% High 35.2%	2030 Elementarya 20.0% Junior high 20.0% High 20.0%	Layuning bawasan ng kalahati sa target na taon
			9	Porsiyento ng mga guro at kawani na positibong sumagot sa tanong: “Nasiyahan ka ba sa balanse sa pagitan ng trabaho at buhay sa labas ng trabaho?”	2025 Elementarya 66.7% Junior high 56.4% High 66.6% Special 73.1%	2030 Elementarya 80.0% Junior high 80.0% High 80.0% Special 80.0%	Layunin ang kalagayan kung saan 80% ng mga guro at kawani ay nasisiyahan

Listahan ng mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap

Pangunahing mga Estratehiya		No	Mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap	Kasalukuyang Halaga	Target na Halaga	Batayan para sa Target na Halaga	
Estratehiya sa Pagpapaunlad ng Industriya	1	10	Halaga ng mga ipinadalang produktong yari, atbp.	2023 9,889.5 bilyong yen (ika-13 sa buong bansa)	2029 11,808.5 bilyong yen	Layunin ang 3% taunang pagtaas	
			11	Benta kada empleyado	2023 35,243 libong yen (ika-25 sa buong bansa)	2029 52,890 libong yen	Layunin ang 7% taunang pagtaas
			12	Antas ng empleyo (populasyong may edad 15 pataas)	2024 62.4%	2030 65.5%	Layunin ang 5.0% (3.1 puntos) na pagtaas
	2	13	Halaga ng produksiyong agrikultural bawat entidad ng pamamahalang agrikultural	2023 10.38 milyong yen	2029 15 milyong yen	Layunin ang 1.5 beses ng kasalukuyang halaga	
			14	Halaga ng produksiyong pangkagubatan	2023 11.4 bilyong yen (ika-12 sa buong bansa)	2029 13.1 bilyong yen	Layunin ang 15% pagtaas mula sa kasalukuyang halaga
			15	Bilang ng mga bagong magsasaka (kabuuan)	2020–2024 1,740 tao	2026-2030 2,500 tao	Layunin ang pagtaas ng 500 tao bawat taon, 1.5 beses ng kasalukuyang halaga
			16	Bilang ng mga bagong manggagawa sa kagubatan (kabuuan)	2020–2024 249 tao	2026-2030 280 tao	Bilang mga pangunahing tauhan para sa pagtaas ng produksiyon ng troso, layunin ang pagtaas ng 10 tao bawat taon
	3	17	Gastos sa pagkonsumo ng turismo	2024 965.6 bilyong yen	2030 970.6 bilyong yen	Layunin ang pagtaas ng 5 bilyong yen	
			18	Bilang ng mga kumpanyang pang-prefecture na nakikibahagi sa mga transaksyon sa ibang bansa (pagluluwas o pag-aangkat)	2023 317 kumpanya	2029 332 kumpanya	Layunin ang pagtaas ng 2.5 kumpanya bawat taon
			19	Halaga ng pagluwas ng produktong agrikultural	2024 0.82 bilyong yen	2030 1.5 bilyong yen	Layunin ang pagtaas ng 0.1 bilyong yen bawat taon

Listahan ng mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap

Pangunahing mga Estratehiya		No	Mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap	Kasalukuyang Halaga	Target na Halaga	Batayan para sa Target na Halaga	
Estratehiya sa Kalusugan, Kahabaan ng Buhay at Pakikipamuhay nang Magkakasama	1	Proyekto sa Malusog na Kahabaan ng Buhay at Aktibong Pamumuhay	20	Inaasahang haba ng malusog na buhay	2022 Lalaki 73.06 taon (ika-10 sa buong bansa) Babae 75.36 taon (ika-30 sa buong bansa)	2028 Pagtaas mula sa kasalukuyang halaga	Layunin ang pagtaas mula sa kasalukuyang halaga
			21	Porsiyento ng malusog at may mahabang buhay na matatanda	2023 91.6% (ika-2 sa buong bansa)	2029 Pagtaas mula sa kasalukuyang halaga	Layunin ang pagtaas mula sa kasalukuyang halaga
			22	Bilang ng mga namamatay mula sa tatlong pangunahing sanhi (kanser, sakit sa puso, stroke) (bawat 100,000 populasyon, age-adjusted mortality rate)	2023 531.3 tao (ika-42 sa buong bansa)	2029 Pagbaba mula sa kasalukuyang halaga	Layunin ang pagbaba mula sa kasalukuyang halaga
	2	Proyekto sa Pagsusulong ng Serbisyong Medikal at Pangangalaga na Sumusuporta sa mga Komunidad	23	Porsiyento ng mga residente ng prefecture na naniniwalang maaari silang makatanggap ng serbisyong medikal at pangangalagang pangmatagalan sa kanilang nais na lokasyon	2025 - %	2030 Pagtaas mula sa paunang halaga ng survey	Layunin ang pagtaas mula sa paunang halaga ng survey
			24	Antas ng pagtanggap ng mga sentro ng emerhensiya at kritikal na pangangalaga	2024 82.2%	2030 87.0%	Sa target na katumbas ng itaas na kalahati sa buong bansa noong 2022, layunin ang pagtaas ng humigit-kumulang 5 puntos
			25	Bilang ng mga manggagawa sa pangangalagang pangmatagalan (bawat 10,000 taong sertipikadong nangangailangan ng pangangalaga o suporta)	2023 2,845 tao (ika-41 sa buong bansa)	2029 Pagtaas mula sa kasalukuyang halaga	Layunin ang pagtaas mula sa kasalukuyang halaga
	3	Proyekto sa Pagsasakatuparan ng Lipunang Magtutulungan at Sama-samang Namumuhay	26	Porsiyento ng mga residente ng prefecture na walang sinumang malalapitan para sa payo sa labas ng kanilang pamilya o mga kamag-anak kapag may problema	2025 14.7%	2030 Pagbaba mula sa kasalukuyang halaga	Layunin ang pagbaba mula sa kasalukuyang halaga
			27	Porsiyento ng mga residente ng prefecture na nakadarama na ang "lipunan ay nagbibigay-daan sa lahat ng tao, kabilang ang mga nakatatandang tao, mga taong may kapansanan, at mga dayuhang residente, na aktibong makilahok bilang mga kasapi ng komunidad"	2025 - %	2030 Pagtaas mula sa paunang halaga ng survey	Layunin ang pagtaas mula sa paunang halaga ng survey

Listahan ng mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap

Pangunahing mga Estratehiya		No	Mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap	Kasalukuyang Halaga	Target na Halaga	Batayan para sa Target na Halaga	
Estratehiya sa Kaligtasan at Seguridad	1	Proyekto sa Pagpapahusay ng Kakayahian sa Pamamahala ng Krisis at Pagtugon sa Sakuna	28	Porsiyento ng mga residente ng prefecture na regular na naghahanda para sa mga sakuna	2025 67.6%	2030 85.0%	Layunin ang pagtaas ng 17 puntos
			29	Bilang ng mga munisipalidad na nag-iimbak ng mga suplay at kagamitan para sa sakuna upang makabuo ng mga silungan na tumutugon sa mga pamantayan ng Sphere	2024 0 munisipalidad	2030 25 munisipalidad	Layunin ang pagpapatupad sa lahat ng munisipalidad
	2	Proyekto sa Pagpapaligid ng Lupang Prefectural upang Maprotektahan ang Buhay at Kabuhayan	30	Antas ng pagkumpleto ng mga pagpapahusay sa kalsada, ilog, at iba pa na nag-aambag sa katatagan ng prefecture	2024 - %	2030 100%	Layunin na makumpleto ang lahat ng nakaplanong lugar ng pagpapahusay sa loob ng limang taong panahon mula FY 2026 hanggang FY 2030
			31	Antas ng pagkumpleto ng mga hakbang para sa pagpapahaba ng buhay-serbisyo ng mga pampublikong pasilidad ng civil engineering na pinamamahalaan ng Tochigi Prefecture	2024 19.7%	2030 100%	Layunin na makumpleto ang lahat ng nakaplanong hakbang para sa pagpapahaba ng buhay-serbisyo para sa mga target na pasilidad sa target na taon (katapusan ng FY 2030)
			32	Bilang ng mga bagong manggagawa sa industriya ng konstruksyon (kabuuan)	2020-2024 637 tao	2026-2030 643 tao	Layunin ang 1% pagtaas kumpara sa kabuuang bilang sa kasalukuyang halaga
	3	Proyekto sa Kaligtasan at Seguridad na Binubuo ng Lahat	33	Bilang ng mga kinikilalang paglabag sa Penal Code	2024 12,163 kaso (ika-34 sa buong bansa)	2030 11,000 kaso	Layunin ang humigit-kumulang 10% pagbaba
			34	Bilang ng mga namatay sa aksidente sa trapiko	2025 69 tao (ika-42 sa buong bansa) (bawat 100,000 populasyon)	2030 60 tao	Layunin ang pagbawas ng humigit-kumulang 10% mula sa kasalukuyang halaga
			35	Porsiyento ng mga residente ng prefecture na nakaranas ng suliranin bilang mamimili sa loob ng nakaraang taon	2025 - %	2030 Pagbaba mula sa paunang halaga ng survey	Layunin ang pagbaba mula sa paunang halaga ng survey

Listahan ng mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap

Pangunahing mga Estratehiya		No	Mga Tagapagpahiwatig ng Pagganap	Kasalukuyang Halaga	Target na Halaga	Batayan para sa Target na Halaga	
Estratehiya sa Rehiyon at Kapitaligiran	1	Proyekto sa Paglikha ng Kaakit-akit na Hometown	36	Migrasyon ng populasyon sa pagitan ng mga prefecture (mga mamamayang Hapones)	2024 -2,464 tao	2030 -1,232 tao	Layunin na hatiin sa kalahati ang kasalukuyang halaga
			37	Antas ng pakikilahok sa mga gawaing kultural at pansining (kabilang ang pagpapahalaga)	2025 65.4%	2030 71.0%	Layunin ang pagtaas batay sa mga uso sa nakalipas na limang taon
			38	Antas ng pakikilahok sa mga gawaing pampalakasan	2025 56.1%	2030 70.0%	Batay sa mga pambansang target, layunin ang pagtaas ng 14 puntos
	2	Proyekto sa Pagpapaunlad ng Matalino at Kaaya-ayang "Bayan"	39	Bilang ng mga gumagamit ng tren, bus, atbp.	2023 211,000 tao/araw	2029 246,000 tao/araw	Layunin ang pagtaas ng 35,000 tao/araw kumpara sa batayang taon
			40	Bilang ng mga munisipalidad na nakabuo ng mga Plano ng Pag-optimize ng Lokasyon	2024 16 munisipalidad	2030 21 munisipalidad	Layunin ang pagbuo ng isa o higit pang munisipalidad bawat taon
			41	Bilang ng mga inisyatiba na gumagamit ng mga digital na teknolohiya na nag-aambag sa paglutas ng mga isyung panrehiyon, atbp. (kabuuan)	2025 131 kaso	2030 306 kaso	Layunin ang bilang na higit sa karaniwang taunang bilang ng mga kasong pinagtibay para sa subsidiya sa nakalipas na apat na taon ng 5% (35 kaso/taon)
	3	Proyekto sa Environmental Prefecture na Nag-uugnay sa Susunod na Henerasyon	42	Antas ng pagbawas ng emisyon ng greenhouse gas (kumpara sa FY 2013)	2022 20.2%	2028 43.0%	Layunin ang 50% antas ng pagbawas ng emisyon pagsapit ng FY 2030
			43	Huling dami ng pagtatapon ng pangkalahatang basura at basurang industriyal na nalilikha sa loob ng prefecture	2023 133 libong tonelada [Pangkalahatang basura 56 libong tonelada Basurang industriyal 77 libong tonelada]	2029 120 libong tonelada [Pangkalahatang basura 45 libong tonelada Basurang industriyal 75 libong tonelada]	Pangkalahatang basura: Tinatayang batay sa mga plano ng pamamahala ng basura ng mga munisipalidad, atbp. Basurang industriyal: Batay sa pambansang pangunahing patakaran, layunin ang 10% pagbawas kumpara sa 2022
			44	Bilang ng mga sertipikadong 30by30 Nature Coexistence Sites (kabuuan)	2024 7 lugar (ika-16 sa buong bansa)	2030 19 lugar	Layunin ang dalawang bagong sertipikasyon bawat taon (kabuuang bilang mula 2023)

Ito ay maaaring baguhin alinsunod sa pagbuo ng mga planong partikular sa sektor sa hinaharap, atbp.



MIRAI
SOUZOU
2026-2030



Inedit at Inilathala ng / Tochigi Prefecture
1-1-20 Hanawada, Lungsod ng Utsunomiya, Tochigi Prefecture 320-8501,
Pangkalahatang Departamento ng Patakaran, Dibisyon ng Pangkalahatang Patakaran
TEL 028-623-2206 FAX 028-623-2216 <https://www.pref.tochigi.lg.jp/>

Pebrero, 2026 (Reiwa 8)